

Aksyon para sa
kinabukasan ng mga bata

2025

— Bersyon para
sa Elementarya —

Aksyon para sa
kinabukasan ng mga bata
2025
— Bersyon para
sa Elementarya —



Nais ng Tokyo Metropolitan Government na lumikha ng komunidad na puno ng ngiti ng mga bata


- Kung saan mahusay na lalaki ang mga bata bilang sarili nila
- Pinahahalagahan ng buong komunidad ang mga bata
- Mapapalaki ang mga bata nang kampante ang damdamin

Pinahahalagahan natin ang opinyon ng mga bata dahil sila ang bida

- Pinakikinggan natin ang tinig ng bawat isang malapit sa atin
- Pinakikinggan natin ang tinig ng bawat isa sa pamamagitan ng survey
- Bumibisita ang mga opisyal ng Tokyo Metropolitan Government sa mga paaralang elementarya at nagbibigay sila ng mga klase para sa iba't ibang tema

Kilalanin natin ang Batayang Ordinansa ng Tokyo Metropolitan Government Para Sa Mga Bata

* Ang mga "Ordinansa" ay ang kombensyon ng bayan.



I-access dito!

Ang mga bata ay kasapi ng komunidad. Maraming Karapatan ang mga bata. Ang Pangkalahatang Ordinansa ng Tokyo Metropolitan Government Para Sa Mga Bata ay itinatag upang pahalagahan ang mga karapatan ng mga bata upang ang lahat ay makapamuhay nang maligaya.

- Ang mga bata ay napakahalaga. Sila ang bida pagdating sa kanilang karapatan
- Pinakamahalaga ang kaligayahan ng mga bata
- Bibigyan ng halaga ang opinyon ng mga bata



Gumagawa din kami ng mga pagkakataon para sa mga bata na matuto tungkol sa ordinansa at makapagpalitan ng mga opinyon

Simposyum ng mga bata

Nagpalitan kami ng mga opinyon tungkol sa 'Lungsod na mapagkalinga sa mga bata.'

Lubos naming tatanggapin ang mga tinig at damdamin ng mga bata



Programa 1 Workshop ng mga bata

Sa tema ng mga programa ng Tokyo Metropolitan Government, nakinig kami sa mga opinyon mula sa mga bata.

Tokyo 2025 World Athletics Championships

Sa pamamagitan ng pagpaparanas ng aktuwal na pagsubok sa mga laro at pagpapaalam ng kasiyahan nito, dadami ang mga magkakainteres at magiging simula ito ng pagiging popular

Gusto naming iparating ang aming suporta sa mga atleta na nasa entablado



- Lilikha kami ng mga pagkakataon upang maranasan ang laro
- Ihahatid namin ang mga mensahe ng mga bata sa mga atleta

Programa 2 On-site classes

Ang mga taong nagtatrabaho sa Tokyo Metropolitan Government ay pumunta sa mga elementarya at nagturo ng aralin na may temang 'Mga hinihiling sa Tokyo Metropolitan Government upang maligayang harapin ang 'kasalukuyan' at 'kinabukasan'.'

Nais kong suportahan ang parehong mga dayuhan at Hapon sa anumang sitwasyon



Gusto ko ng parke kung saan ang lahat ay maaaring maglaro nang masaya



Sitwasyon sa klase (Seishin Futaba Elementary School sa Distrito ng Edogawa)

- Lilikha ng mga lugar kung saan makakapaglaro ng malaya ang lahat
- Lilikha kami ng mga lugar kung saan maaaring makipag-ugnayan sa mga kaibigan sa pamamagitan ng pag-aaral ng Japanese, pagkonsulta sa mga problema, at paglalaro

Ang Tokyo ay gagawin naming isang lugar na puno ng ngiti ng mga bata

Sasamahan at susuportahan namin ang mga bata



- Makakapag-konsulta ka nang madali sa iba't ibang paraan
- Kapag may problema ka, may maaasahan kang tao at may mapupuntahan ka




Susuportahan namin ang henerasyon sa pagpapalaki ng mga bata

- Mas madali nang gamitin ang mga after-school club
- Mag-aral nang payapa ang damdamin at walang pinapangambahan tungkol sa pera

Sinusuportahan namin ang pag-aaral ng mga bata

- Mas maraming pagkakataon na makipag-ugnayan sa mga paaralan na nasa ibang bansa
- Matuto sa pinakabagong mundo ng digital



Susuportahan namin ang ngiti ng mga bata sa kabuuan ng komunidad

- Pahuhusayin namin ang damdamin ng 'isang komunidad na magpapahalaga sa mga bata'



Patuloy naming susupportahan ang Gusto kopang malaman!



Tokyo Metropolitan Government Children's Homepage

Maaaring kumonekta
gamit ang isang device
bawat tao!

Ang 'pasukan para malaman ang mga atraksyon at programa ng Tokyo Metropolitan Government' para sa mga mag-aaral sa elementarya



Malaking tagumpay! [Tokyo Children's Typing Race]

Ito ang
Home-
page!



Mga
tampok at
punto ng
homepage

- Isinasama namin ang mga opinyon at ideya ng mga bata, at patuloy itong ina-update
- Sa 'Tokyo Children's Typing Race' at iba pa, maaaring matutunan ang mga kaakit-akit na bagay tungkol sa Tokyo habang nag-e-enjoy



Maraming nilalaman
kung saan maaaring
matutunan ang
kagandahan ng Tokyo
habang nag-e-enjoy

Tokyo Children's Typing Race



Matuto sa pamamagitan ng
pagta-type ng mga keyword na
may kaugnayan sa Tokyo

Tokyo's Fascination "Sugoroku"



Matuto sa pamamagitan ng
paglibot sa kalikasan at kultura
ng Tokyo gamit ang sugoroku

Virtual Field Trip



Virtual na pagbisita sa loob ng mga
pasilidad ng Tokyo Metropolitan
Government na karaniwang hindi
nakikita

Tokyo "Naruhodo" Quiz



Ipinapakilala ang mga proyekto
ng Tokyo Metropolitan
Government sa anyo ng quiz

Isusulong namin ang paglikha ng kapaligiran sa 'paglalaro' na magdudulot ng ngiti sa mukha ng mga bata

Kung may Play Park, gusto ko pumunta



Lilikha kami ng kapaligiran kung saan
matutupad ang 'gustong maglaro' at
'gustong subukan' ng mga bata, at
buong-puso namin silang susuportahan

Inilabas ang video kung saan
nag-uusap sina Ryogo Matsumaru,
Yumepote, at Hiroki Sekido
tungkol sa kahalagahan ng
paglalaro ng mga bata



Nalaman ko ang
mga bagong bagay
na kaya kong gawin



Paglalaro at pagguhit
sa "kalsada" na
karaniwang
ginagamit



「あのね…」で始まる相談チャット

ギョッパとチャット

"Comforting Chat"

Start

* Patuloy naming pagbubutihin ang mga serbisyo

Madaling kumonsulta gamit
ang SNS at iba pa

Libreng
Konsultasyon!



Tutulungan namin kayong
ayusin ang mga gumugulo
sa isip ninyo araw-araw

Ito ay isang konsultasyon na
maaari mong kausapin nang
hindi sinasabi ang iyong
pangalan kapag mayroon kang
problema o alalahanin
Hindi kailangang gumastos

Gyuppi



I-access
dito!

